

ARALIN 12

1. Nang si Satanas ay dumating upang linlangin si Eba, paano niya itinago ang kanyang sarili?

-Sa loob ng isang ahas.

2. Alam ba ni Eba na si Satanas ang nakikipag-usap sa kanya?

-Hindi.

3. Bakit nagtago si Satanas sa loob ng ahas?

-Dahil gusto ni Satanas na mabitag si Eba.

-Dahil gusto ni Satanas na linlangin si Eba.

-Dahil gusto ni Satanas na sirain si Eba.

4. Si Satanas ba ay nagsisikap na bitagin at linlangin ang mga tao ngayon?

-Oo.

5. Paano sinisikap ni Satanas na bitagin at linlangin ang mga tao ngayon?

-Una, kinakausap tayo ni Satanas sa ating isipan.

-Pangalawa, si Satanas ay nakikipag-usap sa atin sa pamamagitan ng ibang tao.

-Pangatlo, si Satanas ay nakikipag-usap sa atin sa pamamagitan ng mga demonyo.

6. Ano ang sinabi ng Diyos kay Adan na mangyayari kung kumain sila mula sa Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama?

-Mamamatay sila.

7. Ano ang sinabi ni Satanas kay Eba na mangyayari kung kumain sila mula sa Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama?

-Hindi sila mamamatay.

-Sila ay magiging katulad ng Diyos.

8. Ano ang tawag ni Satanas sa Diyos?

-Sinungaling.

9. Pagkatapos magkasala nina Adan at Eba, ano ang kanilang ginawa nang mapagtanto nilang sila ay hubad?

-Gumawa sila ng mga damit na dahon.

10. Pagkatapos magkasala nina Adan at Eba, ano ang kanilang ginawa nang marinig nila ang pagdating ng Diyos upang katagpuin sila?

-Nagtago sila sa Diyos.

11. Maaari bang magtago sa Diyos?

-Hindi. Ang Diyos ay nasa lahat ng dako.

12. Sino ang kinapopootan ni Satanas?

-Napopoot si Satanas sa Diyos at sa lahat ng tao.

13. Gusto ba ni Satanas na makinig ka sa Salita ng Diyos?

-Hindi.

14. Bakit ayaw ni Satanas na makinig ka sa Salita ng Diyos?

-Dahil kinamumuhian ni Satanas ang lahat ng tao, at gusto niyang mapunta sila sa Lawa na Apoy.

-Ano ang ginawa ng Diyos pagkatapos sumuway sa Kanya sina Adan at Eba?

Basahin natin ang Genesis 3:9

9-Tinawag ng Panginoong Diyos ang lalaki at sa kanya'y sinabi, "Saan ka naroon?"

-Pagkatapos sumuway sina Adan at Eba, tinawag ng Diyos si Adan.

-Tinawag ba ng Diyos si Adan dahil hindi Niya alam kung nasaan si Adan?

-Hindi.

-Alam ng Diyos ang lahat.

-Nakikita ng Diyos ang lahat.

-Walang maitatago sa Diyos.

-Bakit tinawag ng Diyos si Adan?

-Nais ng Diyos na lumapit si Adan sa Kanya at ipagtapat ang kanyang kasalanan.

-Nais ng Diyos na lumapit si Adan sa Kanya at aminin na sinuway niya ang Diyos.

-Nais ng Diyos na lumapit si Adan sa Kanya at aminin na nakinig siya kay Satanas.

-Bakit kayang tawagin ng Diyos si Adan?

-Sapagkat nilalang ng Diyos si Adan.

-Sapagkat si Adan ay pag-aari ng Diyos.

-Sapagkat nilalang ng Diyos si Adan upang sumunod sa Diyos.

-Bakit kayang tawagin ng Diyos ang lahat ng tao?

-Sapagkat nilalang ng Diyos ang lahat ng tao.

-Sapagkat ang lahat ng tao ay sa Diyos.

-Sapagkat nilalang ng Diyos ang lahat ng tao upang sumunod sa Diyos.

-Hindi nagbago ang Diyos.

-Tinatawag pa rin ng Diyos ang mga tao ngayon.

-Sa anong paraan tinatawag ng Diyos ang mga tao ngayon?

-Una, tinatawag ng Diyos ang mga tao sa pamamagitan ng Kanyang mga nilikha.

-Ang mga nilikha ng Diyos ay nagpapakita na mayroong Diyos, at na ginawa ng Diyos ang lahat, at nais ng Diyos na makinig tayo sa Kanya.

-Pangalawa, tinatawag ng Diyos ang mga tao sa pamamagitan ng Kanyang Aklat, ang Bibliya.

-Ang Aklat ng Diyos, ang Bibliya, ay Mensahe ng Diyos sa iyo.

-Ang Aklat ng Diyos, ang Bibliya, ay ang Diyos na nakikipag-usap sa iyo.

-Ano ang Sinabi ni Adan nang tawagin siya ng Diyos?

Basahin natin ang Genesis 3:10

10-Sinabi niya, "Narinig ko ang iyong tinig sa halamanan at ako'y natakot, sapagkat ako'y hubad; At ako'y nagtago."

-Bakit natakot sina Adan at Eba sa Diyos?

-Dahil sila ay sumuway sa Diyos.

-Narito ang isang paglalarawan:

-Kung ang may-ari ng bukid ay dumating habang mayroong magnanakaw na kumukuha ng kanyang mais, magtatago ba ang magnanakaw?

-Oo.

-Dahil nagkasala at sumuway sina Adan at Eba sa Diyos, sila ay nagtago sa Diyos.

-Ano ang Sinabi ng Diyos noon kay Adan?

Basahin natin ang Genesis 3:11

11-At sinabi niya, “Sinong nagsabi sa iyong ikaw ay hubad? Kumain ka ba ng bunga ng punungkahoy, na iniutos ko sa iyong huwag mong kainin?”

-Bakit tinanong ng Diyos si Adan kung kinain niya ang prutas?

-Hindi ba alam ng Diyos na kinain ni Adan ang prutas?

-Oo.

-Bakit tinanong ng Diyos si Adan kung kinain niya ang prutas?

-Nais ng Diyos na lumapit si Adan sa Kanya at ipagtapat ang kanyang kasalanan.

-Nais ng Diyos na lumapit si Adan sa Kanya at aminin na sinuway niya ang Diyos.

-Nais ng Diyos na lumapit si Adan sa Kanya at aminin na nakinig siya kay Satanas.

-Bakit maaaring tanungin ng Diyos si Adan?

-Dahil ang Diyos ang lumalang kay Adan.

-Dahil nilalang ng Diyos ang lahat ng tao, maaaring tanungin ng Diyos ang lahat ng tao.

-Balang araw, tatanungin ng Diyos ang lahat ng tao, at ang lahat ng tao ay mananagot sa Diyos.

-Tinanong ng Diyos si Adan, at ano ang isinagot ni Adan?

Basahin natin ang Genesis 3:12-13

12-Sinabi ng lalaki, “Ang babaing ibinigay mo na aking makakasama ang nagbigay sa akin ng bunga ng punungkahoy at ito’y aking kinain.”

13-Sinabi ng Panginoong Diyos sa babae, “Ano itong iyong ginawa?” Sinabi ng babae, “Dinaya ako ng ahas, at ako’y kumain.”

-Sinisi ni Adan si Eba, at sinisi ni Eba ang ahas.

-Alam na ng Diyos ang katotohanan.

-Walang katotohanan ang natatago sa Diyos.

-Ano ang ginagawa ng isang tao kapag siya ay nahuling nagnanakaw?

-Sinusubukan niyang sisihin ang ibang tao.

-Maaari kaya nating, malinlang ang iba sa pamamagitan ng pagsisi sa ibang tao.

-Hindi natin maaaring linlangin ang Diyos sa pamamagitan ng pagsisi sa ibang tao.

-Alam ng Diyos palagi ang katotohanan.

-Palaging pinaparusahan ng Diyos ang mga sumusuway sa Kanya.

-Palaging pinaparusahan ng Diyos ang mga nagkakasala.

-Una, pinarusahan ng Diyos ang ahas.

Basahin natin ang Genesis 3:14

14-Sinabi ng Panginoong Diyos sa ahas, “Sapagkat ginawa mo ito ay isinumpa ka nang higit sa lahat ng hayop, at nang higit sa bawat mailap na hayop sa parang; Ang iyong tiyan ang ipanggagapang mo, at alabok ang iyong kakainin sa lahat ng mga araw ng iyong buhay.”

-Paano pinarusahan ng Diyos ang ahas?

-Ang ahas ay dapat na gumapang gamit ang kaniyang tiyan.

-Bakit pinarusahan ng Diyos ang ahas?

-Hindi kinausap ng ahas si Eba.

-Si Satanas lamang ang nakipag-usap kay Eba.

-Bakit pinarusahan ng Diyos ang ahas?

-Dahil pinaparusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan.

-Dahil ginamit ni Satanas ang ahas upang magkasala.

-Pinaparusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan.

-Pangalawa, pinarusahan ng Diyos si Eba.

Basahin natin ang Genesis 3:16

16-Sinabi niya sa babae, “Pararamihin ko ang paghihirap mo sa iyong paglilihi; Manganganak kang may paghihirap, ngunit ang iyong pagnanais ay para sa iyong asawa, at siya ang mamumuno sa iyo.”

-Paano pinarusahan ng Diyos si Eba?

-Si Eba ay makararanas ng matinding sakit sa panganganak.

-Ang kaparusahan kay Eba ay ang kaparusahan sa lahat ng kababaihan.

-Ngayon, lahat ng kababaihan ay nanganganak ng mga bata na may matinding sakit.

-Pangatlo, pinarusahan ng Diyos si Adan.

Basahin natin ang Genesis 3:17-19

17-At kay Adan ay kanyang sinabi, “Sapagkat nakinig ka sa tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punungkahoy na aking iniutos sa iyo na, ‘Huwag kang kakain niyon,’ sumpain ang lupa dahil sa iyo. Kakain ka mula sa kanya sa pamamagitan ng iyong mabigat na paggawa sa lahat ng mga araw ng iyong buhay;

18-Mga tinik at dawag ang sisibol doon para sa iyo, at kakain ka ng tanim sa parang.

19-Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang ikaw ay bumalik sa lupa; Sapagkat diyan ka kinuha. Ikaw ay alabok at sa alabok ka babalik.”

-Paano pinarusahan ng Diyos si Adan?

-Si Adan ay magpapawis sa pagbubungkal nang lupa, upang magkaroon ng kaunting makakain.

-Ang kaparusahan kay Adan ay ang kaparusahan para sa lahat ng tao.

-Ngayon, lahat ng kalalakihan ay nagbubungkal ng lupa at nagpapapawis, upang magkaroon ng kaunting makakain.

-Paano pa pinarusahan ng Diyos si Adan?

-Isinumpa ng Diyos ang kalupaan.

-Ano ang mga palatandaan na isinumpa ng Diyos ang kalupaan?

-Maraming tinik at damo.

-Maraming tagtuyot at baha.

-Maraming makamandag na halaman at ahas.

-Kakagatin ng mga hayop ang mga tao.

-Ang mga tao ay dapat magsikap.

-Ang mga tao ay magkakasakit.

-Ang mga tao ay mamamatay.

-Dahil sinuway nina Adan at Eba ang Diyos, ang kalupaan ay isinumpa.

-Dahil sinuway nina Adan at Eba ang Diyos, ang kalupaan ay puno ng kasamaan.

-Dahil sinuway nina Adan at Eba ang Diyos, lahat ng tao ay namamatay.

-Ang parusa ng Diyos para sa pagsuway ay walang hanggang kamatayan.

-Ang parusa ng Diyos para sa kasalanan ay walang hanggang kamatayan.

-Basahin natin ang sinabi ng Diyos matapos Niyang parusahan sina Adan at Eba.

Basahin natin ang Genesis 3:15

15-[Sinabi ng Panginoong Diyos sa ahas] “Maglalagay ako sa iyo at sa babae ng pagkapoot sa isa’t isa, at sa iyong binhi at sa kanyang binhi. Ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kanyang sakong.”

-Sino ang kausap ng Diyos?

-Nakikipag-usap ang Diyos kay Satanas.

-Ano ang sinabi ng Diyos kay Satanas?

-Sinabi ng Diyos na mayroong dudurog sa ulo ni Satanas kahit na hampasin pa ni Satanas ang kanyang sakong.

-Sino ang dudurog sa ulo ni Satanas?

-Ang Tagapagligtas.

-Hindi nagtagal pagkatapos na parusahan ng Diyos sina Adan at Eba, ano ang ipinangako ng Diyos na gagawin?

-Hindi nagtagal pagkatapos na parusahan ng Diyos sina Adan at Eba, nangako ang Diyos na magpapadala ng Tagapagligtas.

-Ano ang gagawin ng Tagapagligtas?

-Darating ang Tagapagligtas upang iligtas ang mga tao mula sa kapangyarihan ng kasalanan.

-Darating ang Tagapagligtas upang iligtas ang mga tao mula sa kapangyarihan ng kamatayan.

-Darating ang Tagapagligtas upang iligtas ang mga tao mula sa kapangyarihan ni Satanas.

-Darating ang Tagapagligtas upang labanan si Satanas.

-Sasaktan ni Satanas ang Tagapagligtas, subalit matatalo ng Tagapagligtas si Satanas.

-Sino kaya ang magiging Tagapagligtas?

-Ang Tagapagligtas ay magiging Anak ng isang birhen.

-Bakit nangako ang Diyos na ipapadala Niya ang Tagapagligtas?

-Dahil mahal na mahal ng Diyos ang lahat ng tao.

-Nararapat ba sina Adan at Eba sa pag-ibig ng Diyos?

-Hindi.

-Bakit hindi naging karapat-dapat sina Adan at Eba sa pag-ibig ng Diyos?

-Dahil sinuway nila ang Diyos at nakinig kay Satanas.

-Ano ang halaga ng pagsuway nina Adan at Eba?

-Ang kanilang pagsuway ay karapat-dapat sa walang hanggang kamatayan.

-Ang pagsuway nina Adan at Eba ay karapat-dapat sa kamatayan.

-Subalit ipinangako ng Diyos na ipapadala Niya ang Tagapagligtas upang iligtas sila.

-Narito ang isang paglalarawan:

-Pumunta sa iyong bahay ang isang lalaking naghihingalo.

-Bumili ka ng gamot at pagkain para sa kanya.

-Siya ay mananatili sa inyong bahay ng maraming araw.

-Sa wakas, gumaling siya.

-Bago umalis ang lalaki, ninakaw niya ang iyong baka.

-Maya-maya, bumabalik ang lalaki, at handa na ulit mamatay.

-Bumili ka na naman ng gamot at pagkain para sa kanya.

-Muling gumaling ang lalaki.

-Nagnakaw ang lalaki ng iyong baka, at nararapat na parusahan.

-Gayunpaman, tinulungan mo ang lalaki na gumaling muli.

-Ang pagsuway nina Adan at Eba ay dapat parusahan ng kamatayan.

-Subalit nangako ang Diyos na ipapadala Niya ang Tagapagligtas upang iligtas sila.